# BPI-LBNCRDPSC

## VISION

A recognized and leading Research Development and Production Support Center for lowland vegetables.

## MISSION

Generate crop farming technologies and produce quality seeds of lowland vegetables to ensure sustainable production.

## CORE VALUES

**SPICE IT!**

**S**ervice Orientation. We are proactive and we value our clients.

**P**rofessionalism. We are competent and we abide with the government's Code of Ethics. We are fair and just in the delivery of our service to our clients and personnel.

**I**ntegrity. We are transparent, honest and accountable for our actions.

**C**ommitment. We work with passion and dedication.

**E**xcellence. We produce the best results.

**I**nnovative. We find new solutions.

**T**eamwork. We exercise partnership and camaraderie.


*Inihanda nina:*

Herminigilda A. Gabertan, PhD/Agricultural Center Chief IV
Lorna M. Tepper/Senior Agriculturist
Meanne P. Andes/Engineer II
Jamil P. Cruz/Project Assistant II



Mula sa proyektong pinondohan ng
Department of Science and Technology
Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development

Empowering Los Baños Communities through Science-based Home and Community Gardening


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center
4030 Los Baños,Laguna

(049) 536-0285
(049) 536-7931; 536-0285, 536-6462
bpi_losbanos@buplant.da.gov.ph
Bureau of Plant Industry – Los Baños Center


Department of Agriculture
**Bureau of Plant Industry**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**

# GABAY SA PAGTATANIM NG SITAW



# PAGTATANIM NG SITAW

## SITAW

Ang pole sitao (*Vigna unguiculata* subsp. *Sesquipedales* (L.) Verdc.) na mas kilala sa tawag na sitaw sa Tagalog, ay nabibilang pamilya ng Legumeceae.

Ito ang pinakakilalang"edible legume" sa Pilipinas dahil maari itong itanim at mamunga buong taon. Madalas itong itanim sa mga bakuran, sa mga dike sa paligid ng palayan o sa mga bahagyang naaarawan na lugar bilang companion crop.

Ang sitaw ay nagtataglay ng protina, vitamin A, thiamine, riboflavin, iron, phosphorus at potassium. Ito ay mayaman din sa vitamin C, foliate, magnesium at manganese.

## Mga Dapat Tandaan sa Pagtatanim

### Klima at Lupa

Ang lugar na may temperatura na 20-$35^{0}$C ay angkop sa pagtatanim ng sitaw. Mabuti din dito ang lugar na naaarawan bagamat maaari rin itong mabuhay sa mga lugar na bahagya lamang ang sikat ng araw. Mas maraming pods ang aanihin kung ito ay itatanim ng May (tag-ulan) at Oktubre-Nobyembre (tag-init). Maaring mabuhay sa kahit anong uri ng lupa subalit mas mas makabubuti kung itatanim ito sa matabang lupa na may pH na 5.5-6.8 upang lumaki itong malusog at mamunga ng sagana.

### Pagpili ng Variety

Upang magkaroon ng mataas na ani, pumili ng tamang variety ayun sa mga sumusunod na pamantayan:

A. Angkop sa klima at lupa ng pagtataniman
B. Magulang at mataas ang ani
C. Rekomendadong variety gaya ng mga variety na inaprubahan ng National Seed Industry Council (NSIC) tulad ng NSIC Ps3, NSIC Ps4 at NSIC Ps5.
D. Matibay sa sakit at peste
E. Angkop sa panlasa ng kokonsumo at gusto ng mamimili

### Paghahanda ng Lupang Taniman at Pagtatanim

Linisin at duruging mabuti ang lupang pagtataniman para makatulong sa maayos na pag-usbong ng buto. Maaring gumawa ng tudling na may lapad na 0.60-0.75m. Ihalo sa lupang pagtataniman ang kompos sa daming 0.5-1kg/$m^2$. Haluin at patagin ang lupa saka ihulog ang 2-3 buto sa mga butas (2-3cm lalim) na may agwat na 0.30cm sa isa't isa.

Maaari ding magtanim sa mga basyo, plastik o sako kung walang bakanteng lugar na maaaring pagtaniman

### Paglalagay ng Balag o "Trellis"

Pagkalipas ng 14 araw pagkausbong ng sitaw ay maglagay na ng balag. Gumamit ng sanga ng kakawate, ipil-ipil o kawayan para sa balag. Para sa vertical trellis, ilagay ang balag ng may 3-4m pagitan. Lagyan ng GI wire#16 ang magkabilang dulo sa itaas bilang suporta at plastic straw sa baba. Para sa A-type na balag, inilalagay ito sa pagitan na 0.75m. Maglagay din ng pisi (ie. plastic straw) upang magsilbing gapangan ng sitaw (mula sa ibaba pataas ng balag).



Single-row plot
(*vertical trellis*)



Double-row plot
(*A-type trellis*)

Upang makagapang ang baging ng sitaw sa balag, gabayan ito sa balag kapag nagsimula nang magkabaging hanggang makarating sa itaas.

### Pangangalaga sa Nutrisyon at Pagkontrol sa Peste

Maglagay uli ng kompos (sidedress) bago mamulaklak sa daming 0.5kg/$m^2$. Diligan din ng natural concoction gaya ng Fermented Plant Juice (FPJ) dalawang beses sa isang linggo hanggang mamunga.

Maaari ding diligan ang pananim ng brewed vermicast o vermicast extract (1kg na ibinabad sa 10L ng tubig sa loob ng 3 araw)

Upang masugpo o maiwasan ang pag-atake ng insekto, maaaring gumamit ng natural na pagkontrol sa peste.



**APHIDS**
Sili extract+soap solution(100g dinurog na sili/16L tubig), pag-iikot tanim. Maaari ding magpakawala ng trichards bilang bio control (seedling stage)



**POD BORER**
Magtanim ng repellent crops gaya ng marigold, basil,citronella at spearmint



**LEAF MINER**
Yellow trap



**RUST**
Tanggalin na ang apektado nito

### Pagdidilig

Dalasan ang pagdidilig tuwing tag-init at kung kinakailangan lamang kung tag-ulan. Ang sitaw ay may malalim na root system kaya matibay ito sa tag-init.

### Pag-aani

Maari nang anihin ang mga bunga ng sitaw 7-10 araw mula sa pamumulaklak. Ang pagitan ng pag-aani ay maaaring 2-3 araw. Mabuting gawin ang pag-ani sa umaga upang maiwasan ang pagbaba ng timbang.

**Reference:**

Bureau of Plant Industry. January 2013. Pole Sitao Production Guide.

2020